At ayon kay Abe Saed Al-Khudrie ,malugod si Allah sa kanya-nagsabi siya: Dumating ang isang babae sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pngalagaan-Nagsabi siya:O Sugo ni Allah,pumunta ang mga kalalakihan dahil sa mga salita mo,Pumili ka sa amin mula sa sarili mo ng isang araw na pupunta kmi sa iyo rito at ituturo mo sa amin ang mula sa itinuro sa iyo ni Allah,Nagsabi siya:((Magtipon-tipon kayo sa araw na ganito at ganito)),At nagtipon-tipon sila ,at dumating sa kanila ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at tinuruan niya sila mula sa itinuro sa kanya ni Allah,pagkatapos ay nagsabi siya:((Wala mula sa inyo na isang babae na nakapagbigay ng tatlo mula sa kanyang anak maliban sa silay magiging pantakip sa impyerno)) Nagsabi ang isang babae: At kung dalawa? Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((At ang dalawa)).Napagkaisahan ang katumpakan

At ayon kay Abe Saed Al-Khudrie ,malugod si Allah sa kanya-nagsabi siya: Dumating ang isang babae sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pngalagaan-Nagsabi siya:O Sugo ni Allah,pumunta ang mga kalalakihan dahil sa mga salita mo,Pumili ka sa amin mula sa sarili mo ng isang araw na pupunta kmi sa iyo rito at ituturo mo sa amin ang mula sa itinuro sa iyo ni Allah,Nagsabi siya:((Magtipon-tipon kayo sa araw na ganito at ganito)),At nagtipon-tipon sila ,at dumating sa kanila ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at tinuruan niya sila mula sa itinuro sa kanya ni Allah,pagkatapos ay nagsabi siya:((Wala mula sa inyo na isang babae na nakapag-alay ng tatlo mula sa kanyang anak maliban sa silay magiging panangga sa impyerno)) Nagsabi ang isang

babae: At kung dalawa? Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((At ang dalawa)).

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagsabi ang isang babae kay propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Naging abala kana sa mga kalalakihan sa lahat ng oras,At naging kami ay wala ng mahanap na oras na makatagpo ka namin at matanong ka namin tungkol sa relihiyon namin,dahil sa pagsasama nila sa iyo sa buong araw,Pumili ka para sa amin na mga kababaihan ng isang araw na makakatagpo ka namin upang maturuan mo kami rito sa mga kautusan ng relihiyon namin,At pumili ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa kanila ng isang araw na magtitipon sila rito,At nagtipon-tipon ang mga kababaihan sa araw na pinili ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa kanila,Dumating siya sa kanila at itinuro niya ang itinuro sa kanya ni Allah mula sa mga kailangan nila na kaalaman,Pagkatapos ay naghatid siya sa kanila ng magandang balita na wala mula sa kanila na isang babae na namatayan siya ng tatlo mula sa kanyang mga anak,lalaki man o babae,inialay niya ito sa kabilang buhay,na may pagtitimpi at paghahangad ng gantimpala,maliban na darating sa kanya ito na magsisilbing panangga sa kanya mula sa impyerno kahit nararapat sila rito dahil mga kasalanan nila,Nagsabi ang isang babae: At papaanu kung namatayan siya ng dalawa?Mayroon ba siyang gantimpala,tulad ng gantimpala ng sinumang namatayan ng tatlo sa kanyang mga anak?Nagsabi ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:At ganoon din,kapag namatay sa kanya ang dalawa sa anak niya,ang gantimpala niya ay gantimpala ng sinumang namatay sa kanya ang tatlo sa mga anak niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8871

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee